# May Kasaysayan bilang Kriminal?

## Maaaring Elihible Pa Rin Kayong Magparehistro at Bumoto!

CITY AND COUNTY OF SAN FRANCISCO
DEPARTMENT OF ELECTIONS

# Checklist para sa Pagiging Elihibleng Botante

## Pinahihintulutan kayo ng batas ng estado na bumoto kung kayo ay:

1) isang mamamayan ng Estados Unidos* at residente ng California
2) 18 taong gulang o higit pa sa Araw ng Eleksyon
3) hindi kasalukuyang hinatulan ng hukuman na walang kakayahan sa pag-iisip para bumoto
4) **hindi kasalukuyang nasa pang-estado o pampederal na bilangguan dahil sa hatol na felony.**

### Nangangahulugan ito na PUWEDE kayong bumoto sa susunod na eleksyon kung kayo ay elihible at:

- ✓ Nagsisilbi sa kulungan ng county ng isang sentensiyang misdemeanor bilang kondisyon sa probasyon, pagkakulong dahil sa felony, o naghihintay ng paglilitis, o
- ✓ Nasa parole, probasyon, sapilitang pangangasiwa ng komunidad pagkatapos palayain, paglaya na may pederal na pangangasiwa, o nasa ilalim ng paghuhusga para sumailalim sa pag-iingat ng kabataan.

---

### Gayunpaman, nangangahulugan din ito na HINDI kayo maaaring bumoto sa susunod na eleksyon kung kayo ay:

- ✗ Nagsisilbi ng isang termino ng estado o pederal na pagkabilanggo para sa hatol na felony sa isang bilangguan ng estado, pederal na bilangguan, kulungan ng county, o iba pang koreksyonal na pasilidad.

**Sa ilalim ng lokal na batas, maaaring bumoto ang ilang mga hindi mamamayang residente ng San Francisco sa mga eleksyon ng School Board (Lupon ng mga Paaralan). Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring pumunta sa **sfelections.org/NCV** o makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon.*

# Tapos nang Magsilbi ng Termino para sa Kasong Felony? Ibalik ang Inyong Karapatang Bumoto Ngayon!

## 1 Magparehistro para Makaboto

Maaari ninyo itong gawin online sa ***registertovote.ca.gov*** o sa pamamagitan ng pagkompleto sa papel na form ng rehistrasyon ng botante (makukuha sa mga aklatan at sa iba pang tanggapan ng lokal na gobyerno, o sa koreo sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon). Maaari ninyong gamitin ang Checklist para sa Pagiging Elihibleng Botante sa kabilang pahina, bumisita sa ***restoreyourvote.sos.ca.gov***, o makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon para kumpirmahin ang inyong elihibilidad.

*Ang deadline sa pagpaparehistro para bumoto sa anumang eleksyon ay 15 araw bago ang Araw ng Eleksyon. Kung hindi kayo umabot sa deadline, maaari pa rin kayong magparehistro at bumoto nang personal sa Sentro ng Botohan sa City Hall o sa lugar ng botohan.*

## 2 Kunin ang Inyong Balota

Tinatayang isang buwan bago ang bawat eleksyon, awtomatikong magpadadala ang Departamento ng mga Eleksyon ng mga balota sa lahat ng lokal na rehistradong botante. Hanggang sa Araw ng Eleksyon, maaari ding makuha at markahan online ng sinumang botante ang kanilang balota sa ***sfelections.org/access***, o kumuha ng balota o i-awtorisa ang ibang tao para kumuha ng balota para sa kanila sa Sentro ng Botohan sa City Hall. Sa Araw ng Eleksyon, maaaring tumanggap ng balota ang sinumang botante sa lugar ng botohan.

## 3 Bumoto sa Balota

Kung bumoto kayo sa pamamagitan ng koreo, maaari ninyong ipadala ang inyong nabotohan nang balota sa pamamagitan ng paglagay nito sa pambalik na sobre na bayad na ang selyo na kalakip sa inyong paketeng vote-by-mail at ibalik ito sa pamamagitan ng koreo o ihatid ito nang personal sa Sentro ng Botohan sa City Hall o saanmang lugar ng botohan o kahon na hulugan ng balota. Kung sa halip ay bumoto kayo nang personal, magbibigay gabay ang mga manggagawa ng eleksyon sa lugar ng botohan o Sentro ng Botohan sa City Hall kung paano bumoto sa inyong balota. Bumisita sa ***sfelections.org/waystovote*** para sa iba pang impormasyon.

## May Kilala ba Kayong Nakakulong sa Kulungan ng County? Tulungan Silang Matuto kung Paano Bumoto!

Regular na nakikipagtulungan ang mga manggagawa ng Departamento ng mga Eleksyon sa mga manggagawa sa kulungan ng county ng San Francisco upang magbahagi ng impormasyon sa mga lokal na detenido kung paano magparehistro upang makaboto at makatanggap ng mga opisyal na pang-eleksyon na materyales, pati na ang mga balota. Maaari ninyong imungkahi sa inyong kaibigan o kapamilya na itanong sa Deputy Sheriff (Katuwang na Sheriff) na itinalaga sa kanilang unit tungkol sa pagboto sa mga eleksyon habang nasa kulungan o tumawag sa Prisoner Legal Services (Mga Serbisyong Legal ng Preso) sa (415) 558-2472.

## Gusto ba ninyong Kumita ng Pera? Sumali Bilang Manggagawa sa Lugar ng Botohan!

Sumali bilang manggagawa sa lugar ng botohan ng San Francisco at makatanggap ng sahod na aabot sa **$240** (makatatanggap ng bonus ang mga indibidwal na nagsasalita ng iba't ibang wika)! Para matuto ng higit pa tungkol sa pagtulong sa mga botante sa mga lugar ng botohan ng komunidad sa Araw ng Eleksyon, pumunta sa ***sfelections.org/pollworker***.

Para mag-apply bilang manggagawa sa lugar ng botohan, pumunta sa ***sfelections.org/PWA*** o makipag-ugnayan sa Departamento ng mga Eleksyon.

**May Mga Tanong ba Kayo?**

Bumisita sa ***sfelections.org***

Tumawag sa amin sa (415) 554-4310

Mag-email sa ***sfvote@sfgov.org***